REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

*Office of the Secretary*

Direct Line: 633-7208 / 7228
Fax: 636-4876
DETxt : 0919-4560027
E-mail: osec@deped.gov.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

MAR 23 2004

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 150 , s. 2004

ADDENDUM SA MEMORANDUM PANGKAGAWARAN BLG. 63, S. 2004
(Ika-32 Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Para sa kaalaman at patnubay ng mga kinauukulan, ang Talata Blg. 4, ng Memorandum Pangkagaran Blg. 63, s. 2004 ay dinagdagan:

" Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng kawanihan ng tanggapang sentral ng DepED, CHED at KWF, ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, head teacher, master teacher sa Filipino o sinumang hihiranging kinatawan sa elementarya, sekundarya, kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga dati nang kasapi ng PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino at instraktor/propesor ng wika at panitikang Filipino. Ang mga partisipants na magmumula sa pamblikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang. ***Malayang humanap ang mga dadalong guro/delegasyon sa kapulungan na ito ng mapagkukunan ng halagang ibabayad para sa registrasyon gaya ng Local School Board Funds at iba pa."***

2. Hinihiling ang mga maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 63, s. 2004

Pamumodmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Madel:ADDENDUM SA MEMO. PANG. blg. 63, s. 2004
3-22-04